# Office of the President
# PRESIDENTIAL COMPLAINT CENTER
## Malacañang, Manila

22 July 2021

**Secretary ROY A. CIMATU**
Department of Environment and Natural Resources
Visayas Avenue, Diliman
1101 Quezon City

**Attention: THE CHIEF OF STAFF**

**S i r :**

Respectfully forwarding the attached letter dated 12 July 2021, with enclosure/s, addressed to **PRESIDENT RODRIGO ROA DUTERTE**, for appropriate action, consistent with existing laws, rules and regulations on the matter, from **Mr. ORLANDO ULAY** of Poblacion, Calintaan, Occidental Mindoro, seeking intercession relative to issues and concerns which, as stated therein, may be best coordinated/addressed by that Department.

A reply direct to the party/ies concerned, copy furnished the Center, citing **PCC Code No. GL-CAM-07-22-2021-056,** will be highly appreciated. Expeditious action is requested in accordance with the provisions of Republic Act No. 11032, otherwise known as the Ease of Doing Business and Efficient Government Service Delivery Act of 2018 as implemented and enforced by the **Anti-Red Tape Authority**. Please be reminded that failure to timely respond to the public's concern shall be a ground for administrative sanctions under existing laws and regulations.

Thank you and cordial regards.

Very truly yours,

**JAIME LLAGUNO MABILIN**
Director IV

Cc: requesting party/ies
All enclosure/s forwarded

**IMPORTANT**

Information contained in this communication is privileged, confidential and intended solely for the use of the individual or entity to whom it is addressed and others authorized to receive it. If you are not the intended recipient, you must not disclose or use the information contained in it. If you have received this communication in error, please notify the Presidential Complaint Center immediately and dispose the communication in accordance with the provisions of Republic Act 10173 otherwise known as the Data Privacy Act of 2012.

**BAHAY UGNAYAN, JOSE P. LAUREL STREET, MALACAÑANG, MANILA**
Telephone Numbers: 736-8645 (Governance and Local Affairs Division);
736-8603 (Social Services Division); Fax Number: 736-8621
Email Address: pcc@malacanang.gov.ph

July 12, 2021

RODRIGO ROA DUTERTE
President of the Republic of the Philippines
Office of the President,
Malacanang, San Miguel, Manila

OFFICE OF THE PRESIDENT
MALACAÑANG
RECEIVED
JUL 21 2021
BY: Presidential Complaint Center

OFFICE OF THE PRESIDENT
RECEIVED
JUL 15 2021
MALACAÑANG RECORDS OFFICE

Mahal na Pangulo,

Pagbati!

Ito po ay kaugnay sa aking liham noong nakaraang buwan na humihingi po ng tulong sa inyo na ma issuehan muli ng titulo ang Csd Lot 1352, Pls 15 at may Tax Declaration No. 03-0003-01657 na may sukat na 11.1238 hectares at may Patent No. V-57926 na inaward sa aming yumaong ama na si LUIS ULAY noong 1955 na matatagpuan sa Brgy. Iriron, Calintaan, Occidental Mindoro na may ***PCC CODE NO. GL-HRI-03-112021-004*** .

Nakatanggap po kami ng Memorandum dated June 17, 2021. Please see attached file.

And quoted " ***In view hereof, please be reminded that the Reconstitution of Original Certificate of Title is outside the Jurisdiction of the DENR. It is under the authority of the Registry of Deeds subject to judicial /court proceedings. Likewise coordinate and provide assistance to Ms. Melanie Ulay et.al regarding their issues and concerns subject to the existing policies, rules, and regulations and submit report to this office for monitoring purposes.*** MARIA LOURDES G. FERRER,CESO III."

Ayon po kay MARIA LOURDES G. FERRER,CESO III, Regional Executive Director, pinapapunta po kami sa Registry of Deeds. Alam po namin na hindi ***Jurisdiction*** ng DENR paggawa ng titulo. Malinaw po sa resulta ng investigation na ang DENR, na negligence ng DENR ang pagkawala ng Original Certificate Title, binawi dahil ang DENR ang nagkamali sa paglagay ng lokasyon at pagkatapos wala ng record, nasaan na po ang OCT pagkatapos ng pagbawi ng titulo ?.

*" **As per record of this office LOT 1352, Pls 15 undergone the process of Homestead Patent and has been transmitted by the Land Management Bureau-Manila to the Registry Of Deeds Mamburao, Occidental Mindoro on November 5, 1955** although subsequently recommended for the recall by the Bureau of Lands by reason of an error in the location subject lot. Unfortunately, this office doesn't have a record of the recall or recovery of judicial form from the Registry of Deeds, therefore, reconstitution of patent is deemed impossible unless there is a proof that the judicial form has been recalled for amendments or has not been sent to the Registry of Deeds or destroyed by fire".*

Ang aming ama po ay nagawa niya ang ang buong process para sa Homestead Patent. Kami po ay hindi pupunta sa Registry of Deeds na inirerecomenda ni MARIA LOURDES G. FERRER,CESO III, Regional Executive Director dahil hindi po kami ang NAKAWALA NG TITULO kundi ang KAGAWARAN. Gawan po nila ng paraan, huwag hanapan ng idadahilan at ipasa sa amin ang problema na lumabas na nga po sa investigation na ang opisina ng DENR ang gumawa ng problema". Kung kami po ang nakawala ay magfile po kami ng petition for 2nd Owners Duplicate copy sa court.. Sila nga po ang nakawala , bakit po kami papuntahin sa Registry Of Deeds?

Ang buwis po ng mga dukha ay ginagamit sa sweldo, bonus, etc.. ng mga professional sa DENR ,Sila ang gumawa ng problema at hinire po sila ng Civil Service para iresolba ang ganitong

problema na kagawaran din ang gumawa bakit po sa amin ipinapasa ang pagresolba? Sayang po yong buwis na iniaambag ng mga dukha sa gobyerno wala palang mga kuwenta po ang mga taong ito na patuloy na pinapasweldo ng gobyerno.

Hindi po kami naniniwalang nawala ang titulo, ang DENR po ay mula pa noon ay nangongotong po sila. Ang Judiciary Form. para sa Homestead Patent ay mayroon naman, ang carpeta po ay intact,complete, ang technical description ,boundaries ay intact at nakita po namin ng actual ang mga muhon. Kaya wala pong silang idadahilan. kami pong mga mamamayan ng Lalawigan ng Occidental Mindoro matagal ng nagtitiis sa serbisyong perwisyo ng lahat ng Opisyal at mga tauhan ng kagawaran.

Ang aming ama po ay may prinsipyo na hindi niya tinotolerate ang paglagay . Ang DENR po dito sa Region IV-B ,package amount po ang paglagay ng halaga sa mga opisyal mula sa mababang posisyon hanggang sa Regional Director . Kapag hindi po naglagay ang legitimate claimant pabalik-balikin lang po sa opisina, hindi maubos ubos na idadahilan , hanggang sa namatay na po yong mga matatanda na nais po sanang maipasa ng maayos sa mga anak ang dokumento ng lupa bago mamatay. Marami pong natituluhan ng walang Relinquishment of Rights sa Legitimate Claimants. Karamihan po dito ay Deklarasyon lang ang pinaghahawakan ng Legitimate claimant dahil po wala po silang panglagay sa mga opisyal para matituluhan.

Sa kaso po namin sa nawawalang titulo ng aking ama ayon po sa may mga konsensya na nagtatrabaho din po sa KAGAWARAN , Iniipit po ng kasamahan nila ( na ginawa ng personal business ang gobyerno ang pagprocess at pagrelease ng titulo at naghihintay ng malaking halaga na lagay). Hindi daw po nawawala ang titulo .

***Nawa po ang aming kahilingan sa pamamagitan ninyo po ay mahanap ang nawawalang titulo/maissuehang muli ng titulo ang lupa ng aming yumaong ama.***

Marami pong salamat mahal na Pangulo sa inyong pagbibigay ng panahon at sa inyong tapat na paglilingkod sa bayan.

Lubos na sumasainyo,

ORLANDO ULAY
09065142358 /Poblacion, Calintaan, Occidental Mindoro